# Ang Wastong Paggamit ng mga Salitang **ng** at **nang**

## Wastong Paggamit ng **ng**

Ang salitang **ng** ay sumasagot sa mga tanong na ano at nino. Ang mga gamit ng salitang **ng** ay tinatalakay sa ibaba.

1. Ang **ng** ay ginagamit bilang **pang-ukol** (preposition) sa pagpapahayag ng pag-aari. Sa ganitong paggamit, ang salitang **ng** ay isinusulat sa pagitan ng dalawang pangngalan (noun). Ang pangngalan na sinusundan ng salitang **ng** ang nagmamay-ari ng unang pangngalan na binanggit.

Nakasulat sa ibaba ang mga halimbawa ng paggamit ng salitang **ng** sa pagpapahayag ng pag-aari:

pagkain **ng** aso
magulang **ng** mga bata
kalabaw **ng** magsasaka
presyo **ng** karne
karapatan **ng** mamamayan
bisperas **ng** Pasko
ambulansya **ng** ospital
kabesera **ng** lalawigan
kahulugan **ng** kapayapaan
simula **ng** digmaan
mga sisiw **ng** inahin
bulsa **ng** pantaloon
bag **ng** babae
pangulo **ng** bansa
kampeon **ng** paligsahan
watawat **ng** Estados Unidos
ibon **ng** kagubatan
pista **ng** bayan
musika **ng** konsiyerto
layunin **ng** pelikula

Ang pag-aaring ginagamitan ng salitang **ng** ay tumutukoy sa pag-aari ng anumang pangngalan (tao, bagay, lugar, hayop, ideya, o pangyayari), maliban sa mga **pangngalang pantangi** na tumutukoy sa ngalan ng tao, karakter, o hayop (proper nouns for people, characters, or animals). Maaaring gamitin ang **ng** sa ganitong paraan.

Ito ang laruan **ng** bata.

Hindi maaaring gamitin ang **ng** kapag ang pangngalang pantangi para sa bata ang ginamit.

✗ Ito ang laruan **ng** Beatrice.

Dapat ang salitang **ni** ang gamitin.

✓ Ito ang laruan **ni** Beatrice.

Ang mga sumusunod ay halimbawa ng mga pangungusap na gumagamit ng salitang **ng** na nagpapahayag ng pag-aari. Tandaan na ang salitang **ng** ay sumasagot sa mga tanong na ano at nino.

(a) Ang Tagalog ang basehan **ng** wika natin. (Ang Tagalog ay basehan ng ano?)

Ang nag-aari ng basehan ay ang wika. Kapuwa pangngalan ang mga salitang basehan at wika.

(b) Basag ang salamin **ng** bintana. (Basag ang salamin ng ano?)

Ang nag-aari ng salamin ay ang bintana at kapuwa pangngalan ang mga ito. Ang salamin ay bahagi ng bintana.

(c) Ang sagot **ng** mag-aaral ay tama. (Ang sagot nino ang tama?)

Ang nag-aari ng sagot ay ang mag-aaral at kapuwa pangngalan ang mga ito. Sa mag-aaral ang sagot.

Tandaan na kahit na may **pang-uri** (adjective) ang pangngalan na sinusundan ng salitang **ng**, ang salitang **ng** ay ginagamit pa rin. Tingnan ang binagong pangungusap sa ibaba.

(d) Ang Tagalog ang basehan **ng** pambansang wika natin. (Ginamit ang **pang-uring panlarawan** (descriptive adjective) na pambansa.)

(e) Basag ang salamin **ng** malaking bintana. (Ginamit ang **pang-uring panlarawan** na malaki.)

(f) Ang sagot **ng** dalawang mag-aaral ay tama. (Ginamit ang **pang-uring pamilang** (numerical adjective) na dalawa.)

2. Ang **ng** ay ginagamit bilang **pang-ukol** (preposition) na pananda ng **layon ng pandiwa** (direct object of the verb).

(a) Si Ate April ay nagluto **ng** empanada. (Si Ate April ay nagluto ng ano?/Ano ang iniluto ni Ate April?)

Ang **pandiwa** (verb) ay ang nagluto at ang layon ng pandiwa ay ang empanada. Ang empanada ang tumanggap ng aksiyon. Ang empanada ang iniluto.

(b) Magtatanim **ng** palay ang mga magsasaka. (Ang mga magsasaka ay magtatanim ng ano?/Ano ang itatanim ng mga magsasaka?)

Ang pandiwa ay ang magtatanim at ang layon ng pandiwa ay ang palay. Ang palay ang tatanggap ng aksiyon. Ang palay ay itatanim.

(c) Ang mga bata ay naghugas **ng** mga pinggan. (Ang mga bata ay naghugas ng ano? Ano ang hinugasan ng mga bata?)

Ang pandiwa ay ang naghugas at ang layon ng pandiwa ay ang mga pinggan. Ang mga pinggan ang tumanggap ng aksiyon. Ang mga pinggan ang hinugasan.

Tandaan na kahit na may **pang-uri** ang layon ng pandiwa, ang salitang **ng** ay ginagamit pa rin. Tingnan ang binagong pangungusap sa ibaba.

(d) Si Ate April ay nagluto **ng** masarap na empanada. (Ginamit ang **pang-uring panlarawan** na masarap.)

(e) Si Ate April ay nagluto **ng** sampung empanada. (Ginamit ang **pang-uring pamilang** na sampu.)

(f) Si Ate April ay nagluto **ng** empanadang Ilocos. (Ginamit ang **pang-uring pantangi** na Ilocos.)

3. Ang **ng** ay ginagamit bilang **pang-ukol** (preposition) na pananda ng **tagaganap ng pandiwa** (doer of the action verb).

(a) Ibinigay **ng** guro ang sulat kay Mario. (Ibinigay nino kay Mario ang sulat?)

Ang pandiwa ay ang ibinigay at ang tagaganap ng pandiwa (o ang gumawa ng kilos) ay ang guro.

(b) Ang matanda ay tinulungan **ng** pulis. (Ang matanda ay tinulungan nino?)

Ang pandiwa ay ang tinulungan at ang tagaganap ng pandiwa ay ang pulis.

(c) Isinulat **ng** anak ni Henry ang liham na ito. (Isinulat nino ang liham na ito?)

Ang pandiwa ay ang isinulat at ang tagaganap ng pandiwa ay ang anak.

Tandaan na kahit na may **pang-uri** ang tagaganap ng pandiwa, ang salitang **ng** ay ginagamit pa rin. Tingnan ang mga binagong pangungusap sa ibaba.

(d) Ibinigay **ng** magandang guro ang sulat kay Mario. (Ginamit ang **pang-uring panlarawan** na maganda.)

(e) Ang matanda ay tinulungan **ng** Bikolanong pulis. (Ginamit ang **pang-uring pantangi** na Bikolano.)

(f) Isinulat **ng** pangalawang anak ni Henry ang liham na ito. (Ginamit ang **pang-uring pamilang** na pangalawa.)

## Wastong Paggamit ng **nang**

Ang salitang **nang** ay sumasagot sa mga tanong na paano, kailan, gaano, o bakit. Ang mga gamit ng salitang **nang** ay tinatalakay sa ibaba.

1. Ang **nang** ay ginagamit bilang pananda na sinusundan ng **pang-abay** (adverb).

(a) Tumakbo **nang** mabilis ang aso. (Paano tumakbo ang aso?)

(b) Nagkita kami **nang** alas-otso. (Kailan kayo nagkita?)

(c) Nag-aaral **nang** tahimik ang mga estudyante. (Paano nag-aaral ang mga estudyante?)

2. Ang **nang** ay ginagamit bilang **pangatnig** (conjunction) katumbas ng salitang **noon** sa pagtukoy sa nakalipas na aksiyon.

(a) Tumigil ang iyak ng sanggol **nang** bumalik ang nanay. (Kailan tumigil ang iyak ng sanggol?)

(b) **Nang** umalis ang guro, nagpulong ang mga mag-aaral. (Kailan nagpulong ang mga mag-aaral?)

(c) Ikinuwento ni Juan ang tungkol kay Maria **nang** isinulat niya ang kanyang huling liham. (Kailan ikinuwento ni Juan ang tungkol kay Maria?)

3. Ang **nang** ay ginagamit bilang **pangatnig** (conjunction) katumbas ng mga salitang **upang** o **para** sa pagtukoy ng dahilan o resulta ng nabanggit na aksiyon.

(a) Manood tayo ng balita **nang** malaman natin kung ano ang nangyari sa Bohol. (Bakit tayo manonood ng balita?)

(b) Tulungan mo ako sa mga gawain **nang** makaalis tayo kaagad. (Bakit kita tutulungan sa mga gawain?)

(c) Kausapin mo si Lorna **nang** malaman mo ang buong katotohanan. (Bakit ko kakausapin si Lorna?)

(d) Mag-ehersisyo ka at **nang** lumakas ang katawan mo. (Bakit ako mag-eehersisyo?)

4. Ang **nang** ay ginagamit bilang **pang-angkop** (ligature/linker) kapag inuulit ang pandiwa o mala-pandiwa upang magpahayag ng matindi o patuloy na aksiyon.

(a) Sigaw **nang** sigaw ang babaeng ninakawan.

(b) Ang tamad na guwardiya ay tulog **nang** tulog.

(c) Aral **nang** aral si Bea para sa kanyang *board exam*.

5. Ang **nang** ay ginagamit bilang pinagsamang **na** at **na**.

(a) Aalis ka **nang** hindi nagpapaalam? (Aalis ka **na na** hindi nagpapaalam?)

(b) Gawin mo **nang** hindi nagrereklamo. (Gawin mo **na na** hindi nagrereklamo.)

(c) Ang uniporme ay itiniklop **nang** hindi pa pinaplantsa. (Ang uniporme ay itiniklop **na na** hindi pa pinaplantsa.)

6. Ang **nang** ay ginagamit bilang pinagsamang **na** at **ng**.

(a) Bigyan **nang** libreng pagkain ang mga pamilya sa *evacuation center*. (Bigyan **na ng** libreng pagkain ang mga pamilya sa *evacuation center*.)

(b) Isinarado **nang** tindera ang kanyang tindahan. (Isinarado **na ng** tindera ang kanyang tindahan.)

(c) Pinagsabihan **nang** guro ang mga maiingay na mag-aaral. (Pinagsabihan **na ng** guro ang mga maiingay na mag-aaral.)

7. Ang **nang** ay ginagamit bilang pinagsamang **na** at **ang**.

(a) Sobra **nang** pag-aabuso na ginagawa ng opisyal ng pamahalaan. (Sobra **na ang** pag-aabuso na ginagawa ng opisyal ng pamahalaan.)

(b) Malapit **nang** pagdiriwang ng anibersaryo ng paaralan. (Malapit **na ang** pagdiriwang ng anibersaryo ng paaralan.)

(c) Palitan **nang** mga lumang kubrekama*. (Palitan **na ang** mga lumang kubrekama.)

*bed sheet